1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Lingguhang Aralin sa *Good Manners and Right Conduct (GMRC)*

Kuwarter 3
Linggo
2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Lingguhang Aralin sa GMRC1
Kuwarter 3: Ikalawang Linggo

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Juan Edgardo “Sonny” M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

Bumuo sa Materyal

Writer: Joyce F. Orillosa
Content Editor: Joselita B. Gulapa
Illustrator: Eric S. de Guia
Layout Artist: Shirley O. Gliponeo

Namahala sa Pagbuo ng Materyal

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin	**Paaralan:**		**Baitang:**	**1**
	Pangalan ng Guro:		**Asignatura:**	**GMRC**
	Petsa at Oras ng Pagtuturo:		**Markahan at Linggo:**	**Ikatlong Markahan / Ikalawang Linggo**

	UNANG ARAW	**IKALAWANG ARAW**	**IKATLONG ARAW**	**IKAAPAT NA ARAW**
I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM				
A. Pamantayang Pangnilallaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa.			
B. Pamantayang Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa bilang tanda ng may tiwala sa sarili.			
C. Mga Kasanayang Pampagkatuto	Naipakikita ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili at sa kapuwa bilang bahagi ng tagubilin ng pamilya a. Natutukoy ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa b. Naiuugnay na ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa ay nagdudulot ng mabuting epekto sa pansariling kaligtasan c. Naisasakilos ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa (hal. *personal safety lessons*, respeto sa sarili)			
D. Mga Layunin	Natutukoy ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa.	Nasasabi ang kahalagahan ng pagsunod sa mga tagubilin ng pamilya upang maging ligtas sa pakikihalubilo sa iba. Naiuugnay na ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa ay nagdudulot ng mabuting epekto sa pansariling kaligtasan.	Naisasakilos ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa	Nakikilala ang halaga ng tiwala sa sarili sa pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili at sa kapuwa. Naipakikita ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili at sa kapuwa bilang bahagi ng tagubilin ng pamilya.
E. Lilinanging Pagpapahalaga	**Tiwala sa Sarili** *(Self-confidence)*			

II. NILALAMAN/ PAKSA	Mga Tagubilin ng Pamilya sa Wastong Pakikihalubilo sa Kapuwa			
III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
A. Mga Sanggunian	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide
B. Iba pang Kagamitan	• Meta cards/strips • Awit	• Meta cards/strips • Awit • Komiks strip	• Meta cards/strips • Awit	• Meta cards/strips • Awit
IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
Bago Ituro ang Aralin				
Panimulang Gawain	**Pagbati:** Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat! Bago tayo magsimula sa ating aralin para sa araw na ito ay alamin muna ang ating pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi. • Makinig nang mabuti sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. **Pagganyak:** Simulan natin ang ating aralin sa pamamagitan ng pag-awit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng	**Pagbati:** Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ba kayo ngayong araw? Ipakita nga ang inyong magandang ngiti. Bago tayo magsimula sa ating aralin para sa araw na ito ay alamin muna ang ating pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi. • Makinig nang mabuti sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. **Balik-aral:** Sabihin: Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? Ibahagi	**Pagbati:** Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ba kayo ngayong araw? Itaas ang mga kamay kung kayo ay masaya! Bago tayo magsimula sa ating aralin para sa araw na ito ay alamin muna ang ating pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi. • Makinig nang mabuti sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. **Balik-aral:** Sabihin: Natatandaan ba ninyo ang ating kuwento kahapon na	**Pagbati:** Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat! Ipakita ang inyong magandang ngiti at sabihing masaya ako! Bago tayo magsimula sa ating aralin para sa araw na ito ay alamin muna ang ating pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi. • Makinig nang mabuti sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. **Balik-aral:** Sabihin: Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? Sa pagkakataong ito, isakilos ang

	mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos) Awit: Kaya ko ‘to, kaya ko ‘to! Kahit ano, hindi susuko. Tiwala lang sa sarili, lakas ay taglay, Kaya ko ‘to, pangarap ay abot kamay! (ulitin) Sabihin: Mayroon akong ipapakitang larawan. Anong klase ng pamilya ang nakikita mo? Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.	nga ninyo kung ano ang ating napag-aralan kahapon. Ano ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa? Tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot. **Pagganyak:** Simulan natin ang ating aralin sa pamamagitan ng isang tula. (Mauuna muna na tumula ang guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring gawin nang may pagkilos.) Tula: Laging tandaan, ako’y may kakayahan, Sa bawat pagsubok, may solusyon akong alam. Kahit minsan natatakot, hindi susuko, Basta't magtiwala, kaya kong magtagumpay! Itanong: Ayon sa tula, ano ang kailangan upang magtagumpay?	may pamagat na Ang Tagubilin ni Nanay? Magbigay ng isang halimbawa ng tagubilin ng nanay ni Carlo mula sa kuwento. Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na sasagot. **Pagganyak:** Simulan natin ang ating aralin sa pamamagitan ng isang awit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos) Awit: Tiwala sa sarili, lagi kong dala, Laging positibo, walang duda, Ako’y magiging mahusay na bata. Kaya ko, kaya ko, sa bawat laban! Tiwala sa sarili, lagi kong dala. Sabihin: Isakilos sa katabi mong mag-aaral ang napili mong tagubilin ng nanay ni Carlo mula sa kuwento.	isang tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa. Ipakita ito sa iyong katabing mag-aaral. Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na sasagot. **Pagganyak:** Simulan natin ang ating aralin sa pamamagitan ng isang tula. (Mauuna muna na tumula ang guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring gawin nang may pagkilos.) Tula: Ako'y maliit ngunit kayang kaya, Sa pag-aaral, laging masaya. Pag may problema, ako'y ngumingiti, Tiwala sa sarili, laging nakaukit. Itanong: Ayon sa tula, paano naipakita ang tiwala sa sarili?

		Tumawag ng mag-aaral na sasagot.		
Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin	Sabihin: Sa araw na ito, inaasahan na iyong matutukoy ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa. Itanong: Ano ang sinasabi ng iyong tatay, nanay, o tagapangalaga sa tuwing kayo ay makikipaglaro sa kapuwa? Tumawag ng mga mag-aaral at pakinggan ang kanilang mga sagot.	Sabihin: Sa araw na ito, inaasahan na iyong masasabi ang kahalagahan ng pagsunod sa mga tagubilin ng pamilya upang maging ligtas sa pakikihalubilo sa iba. Inaasahan din na iyong maiuugnay na ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa ay nagdudulot ng mabuting epekto sa pansariling kaligtasan. Itanong: Ano ang nangyayari kapag sinusunod ninyo ang tagubilin ng inyong magulang o tagapangalaga tungkol sa pakikihalubilo sa iba? Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.	Sabihin: Sa araw na ito, inaasahan na iyong maisasakilos ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa.	Sabihin: Sa araw na ito, inaasahan na iyong makikilala ang halaga ng tiwala sa sarili sa pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili at sa kapuwa. Inaasahan din na iyong maipakikita ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili at sa kapuwa bilang bahagi ng tagubilin ng pamilya.
Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin	Sabihin: Bago tayo magsimula sa ating aralin para sa araw na ito ay atin munang alamin ang kahulugan ng mga salitang aking ipapakita. Ang mga salitang ito ay may kaugnayan sa ating mga Gawain at pag-uusapan sa araw na ito.	Sabihin: Makinig sa maikling kuwento na aking babasahin. Kuwento: Ang Tagubilin ni Nanay Isang araw, habang naghahanda si Carlo para	Sabihin: Basahin natin ang maikling talata. Kuwento: Si Anna ay isang masayahing bata. Isang araw bago siya pumasok sa paaralan, kinausap siya	Maghanda ng tsart at ipaskil ito sa pisara. Sabihin: Tayo ay may gagawin. Tingnan ang tsart sa pisara.

	Tiwala sa sarili - Ito ay ang paniniwala ng isang tao sa kaniyang sariling kakayahan, kaalaman, at desisyon. Ito ay ang positibong pananaw sa sariling kakayahan. **Tagubilin -** Ito ay mga paalala ng pamilya tungo sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa. Sabihin: Maghanda para sa ating unang Gawain. *(Tingnan ang Gawain 1 sa LAS.)* Narito ang mga panuto na ating susundin. 1. Tingnan ang mga larawan. 	sa kaniyang unang araw sa paaralan ay tinawag siya ng kaniyang nanay na nasa kusina. "Carlo, bago ka umalis, may ilang tagubilin akong gusto kong tandaan mo," sabi ng nanay ni Carlo habang inaabot sa kaniya ang kaniyang baon. "Una, maging magalang ka sa lahat. Batiin mo ang iyong mga guro at kaklase ng 'Magandang umaga" o 'Magandang hapon." "Pangalawa," pagpapatuloy ng kaniyang nanay, "kung may bagay kang hihiramin, palaging magpaalam nang maayos." "At panghuli, makinig ka sa mga sinasabi ng iyong mga guro." "Opo, Nanay! Tatandaan ko po lahat ng iyong mga tagubilin, " sagot ni Carlo. Sa paaralan, sinunod ni Carlo ang mga tagubilin ng kaniyang nanay. Magalang siyang bumati sa kaniyang mga guro. Nagpaalam siya ng maayos bago kunin	ng kaniyang Lola. "Anna, palagi mong tandaan na kapag nakikisalamuha ka sa iyong mga kaibigan at kaklase ay palagi kang maging. Kung may nangyari o may mali kang nagawa, huwag kang matakot magsabi ng totoo. Ang pagiging tapat ay makatutulong para makabuo ka ng tiwala sa iyong mga kaibigan." Itanong: 1. Ano ang tagubilin ng lola ni Anna sa kaniya? 2. Kung susundin ni Anna ang tagubilin ng kaniyang lola, ano ang magiging epekto nito sa kaniya? Sabihin: Itaas ang inyong kanang kamay kung kaya ninyo isakilos ang tagubilin ng lol ani Anna na: "Maging tapat ka palagi. Kung may nangyari o may mali kang nagawa, huwag kang matakot magsabi ng totoo". Sabihin: Mahusay at naisasakilos ninyo ang tagubilin na iyan!	 Sa gitna ng tsart ay makikita ang salitang "tiwala sa sarili". Isiping mabuti kung paano mo naipakikita ang tiwala sa sarili? Sa mga bilog sa paligid ng malaking bilog sa gitna ay isulat ang mga gawain na isinasagawa mo na nakababuti sa sarili at sa kapuwa? Tumawag ng mga mag-aaral na nais sumulat ng kanilang mga sagot sa tsart. Mga halimbawa ng mga gawain na nakababuti sa sarili at kapuwa: • pakikiramay sa nasaktan na kaibigan • pagkikipag-usap sa guro gamit ang magalang na paraan • pagtulong sa kapuwa

	   2. Itanong ang sumusunod: a) Ano ang ginagawa ng mga bata sa mga larawan? b) Ginagawa ba ninyo ang mga nasa larawan? c) Ano ang tagubilin ng pamilya bago kumain? d) Ano ang tagubilin ng pamilya tungkol sa pagtulong?	ang mga gamit na kaniyang hiniram. At mataman din siyang nakinig sa kaniyang mga guro. Dahil sa pagsunod sa mga tagubilin ng kaniyang nanay ay naging maayos ang kaniyang pakikitungo sa iba, at madali siyang nakipagkaibigan. Kahit unang araw pa lamang ni Carlo sa paaralan ay nagkaroon na siya ng maraming kaibigan. Wala siyang naging kaaway, at ang kaniyang mga guro ay masaya sa kaniyang mga ipinakita. Pag-uwi sa kanilang bahay ay nagkuwwento siya sa kaniyang nanay. “Nanay ang dami ko pong kaibigan! Mabuti na lamang po ay sinunod ko ang mga tagubilin mo!” Itanong ang sumusunod: 1. Ano ang mga tagubilin kay Carlo ng kaniyang nanay bago siya pumasok sa paaralan?		Basahin ang mga naisulat ng mga mag-aaral. Sabihin: Magaling mga bata! Naisasagawa ninyo ang mga nakasulat dahil kayo ay may tiwala sa sarili. Handa na ba kayo sa ating susunod na gawain?

	e) Ano ang tagubilin ng pamilya tungkol sa pakikipagkaibigan? Sabihin: Malinaw ba ang ating panuto? Kung malinaw na ay atin ng umpisahan ang Gawain Ipakita ang unang larawan at tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Pagkatapos ay isunod ang ikalawa at ikatlong mga larawan. Sabihin: Mahusay! Itaas ang kanang kamay kung natutukoy ninyo ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa.	2. Ano ang mga tagubilin sa iyo ng iyong mga magulang o tagapangalaga? 3. Sinusunod mo ba ang mga tagubiling ito? Bakit?		
Habang Itinuturo ang Aralin				
Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya	Sabihin: Tayo ay magbabasa ng aking mga ipapakitang mga salita o parirala. Maaaring ipabasa ng sabay-sabay, pangkatan, o isahan. Maging Magalang sa lahat ng kapuwa Makinig nang mabuti sa sinasabi ng kapuwa	Sabihin: Tayo ay maglalaro! Makinig ng mabuti sa aking sasabihin. Mayroon akong mga sitwasyon na sasabihin. Sa bawat sitwasyon ay mayroong dalawang sagot na pagpipilian. Kung ang iyong sagot ay A, pumunta ka sa harap ng ating silid-aralan. Kung B naman ay pumunta ka sa likod ng ating silid-aralan. Pagkatapos kong basahin ang	Sabihin: Magsitayo ang lahat para sa ating gawain. Lahat tayo ay pumunta sa gitnang bahagi ng silid-aralan at gumawa tayo ng malaking bilog. Pipili ako ng isang mag-aaral na magsisimula na magbahagi sa klase ng isang tagubilin ng kaniyang magulang o tagapangalaga. Bukod sa pagsasabi ay isakilos din ito.	Sabihin: Makinig kayong mabuti sa aking babasahin. Importante na nakikilala natin ang halaga ng tiwala sa sarili sa pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili at sa kapuwa. Ang tiwala sa sarili ay naipakikita sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti hindi

	Tumulong sa kapuwa Gumamit ng mabuting salita sa kapuwa Sundin ang utos ng mga nakakatanda Sabihin: Tandaan ang inyong binasa. Itaas ang kanang kamay kung nagagawa mo ang isa sa mga binasa. Itanong: 1. Alin sa mga binasa ang tagubilin ng inyong pamilya? 2. Bakit ninyo sinusunod ang tagubilin ng inyong pamilya? Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot. Sabihin: Mahusay! Ang pagsunod sa tagubikin ng pamilya ay nagpapabuti sa relasyon sa iba. Nagdudulot	tamang sagot ay bumalik ka sa iyong upuan, at maghanda sa susunod na babasahin kong sitwasyon. Mayroon ba kayong tanong sa ating gagawin? Handa na ba ang lahat? Kung handa na ay magsimula na tayo. Mga Sitwasyon: 1. Pupunta kami ni Tatay sa bilihan ng laruan na nasa kabilang bahagi ng kalsada. Nang nasa tawiran na kami ay naging berde ang ilaw ng *traffic light*. Ano ang epekto nito sa aming kaligtasan? a. Kami ay ligtas na makatatawid b. Kami ay masasagasaan 2. Nakikinig ako sa itinuturo ng aming guro. a. Papasa ako sa aming gawain b. Babagsak ako sa aming gawain 3. Nagpaalam ako ng maayos ng hiniram ko ang lapis ni Rowena.	Ating subukan. Magbibigay muna ako ng halimbawa ng tagubilin mula sa aking magulang. Ngayon naman ay isasakilos ko ang tagubilin. Tingnan ako ng mabuti. Sabihin: Mahusay! Naisa-isa at naisakilos ninyo ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa.	lamang sa sarili kundi pati na rin sa kapuwa bilang bahagi ng tagubilin ng pamilya. Tingnan natin muli ang tsart na nasa pisara. Basahin ang mga nakalagay sa bawat bilog. Pumili ng kapareha. Bukod sa mga nakasuat sa tsart na nasa pisara, ano pa ang mga gawain na isinasagawa mo na nakabubuti sa sarili at sa kapuwa. Ipakita ito sa iyong kapareha. Itanong: Lahat ba kayo ay nagpakita ng gawain? Sino ang gustong magpakita ng gawain na nakabubuti sa sarili at kapuwa? Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot. Sabihin: Ang pagsunod sa mga tagubilin ng pamillya sa pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili at kapuwa ay nakatutulong sa pagpapalakas ng tiwala sa sarili.

	din ito ng mas mataas na kumpiyansa at tiwala sa sarili.	a. Matutuwa sa akin si Rowena b. Magagalit sa akin si Rowena 4. Ipinakikilala ko ng tama ang aking sarili. a. Ako ay igagalang dahil ipinakikita ko ng maayos ang aking sarili. b. Ako ay iiwasan ng mga kaklase ko. Mahusay! Sabihin: Naiuugnay ninyo na ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa ay nagdudulot ng mabuting epekto sa pansariling kaligtasan.		
Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya	Sabihin: Tayo ngayon ay maglalaro! Handa na ba kayo? Panuto: Tumayo at magpakita ng puso gamit ang daliri kung ang pahayag ay tagubilin ng inyong pamilya at manatiling nakaupo kung hindi. Handa na ba kayo? Kung handa na ay making sa aking	Sabihin: Bumuo kayo ng apat (4) na pangkat. Ang bawat pangkat ay bibigyan ko ng tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa. Pag-usapan sa inyong pangkat kung ano ang magiging epekto sa pansariling kaligtasan kung inyong susundi o hindi susundin ang tagubilin na ito.	Sabihin: Pumili ng kapareha para sa ating gawain. Panuto: Magbabasa ako ng mga sitwasyon. May kaugnay na tanong ang mga sitwasyong ito. Kasama ang kapareha ay isakilos ang inyong sagot sa mga tanong. Mga Sitwasyon:	Sabihin: Tingnan ang mga larawan.

	babasahing mga pangungusap. 1. Laging makinig sa sinasabi ng iyong guro. 2. Tumulong sa gawaing bahay. 3. Hayaang magalit ang mga kapuwa sa iba. 4.Gumamit ng “po” at “opo” sa nakatatanda. 5. Gumamit ng mga mabubuting salita sa kapuwa. Sabihin: Mahusay! Palakpakan ang inyong sarili	Unang Sitwasyon: Kung tatawid sa kalsada ay sa tamang tawiran tumawid. Tumingin muna sa kanan at kaliwa bago tumawid. Ikalawang Sitwasyon: Makipaglaro ng may pag-iingat at paggalang sa kalaro. Ikatlong Sitwasyon: Panatilihin na malinis ang katawan. Ikaapat na Sitwasyon: Huwag sumama sa mga taong hindi kakilala. Bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral para sa gawaing ito. Pagkatapos ng gawain ay magbabahagi ang bawat pangkat ng kanilang ginawa.	1. Naglaro ka sa bahay ng inyong kaibigan. Naitulak mo siya at nagkasugat siya. Paano mo isasakilos ang tagubilin ng pamilya mo tungkol sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa? 2. Narinig mo na pinag-uusapan ng iyong mga kaklase ang isa pa ninyong kaklase gamit ang masasamang salita. Paano mo isasakilos ang tagubilin ng pamilya mo tungkol sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa? Tumawag ng mga mag-aaral na gustong magbahagi ng kanilang sagot. Mahusay ang inyong mga sagot! Palakpakan ninyo ang bawat isa.	 Itanong: 1. Ano ang mga ginagawa ng mga bata sa mga larawan? 2. Paano naipakikita ng mag-aaral ang mga mabubuting gawain ng mga bata sa mga larawan? Sabihin, mahusay! Ulitin ang aking sasabihin ko, “Naipakikita ko ang tiwala sa aking sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga 10awain na nakabubuti sa sarili ko at sa kapuwa bilang bahagi ng tagubilin ng pamilya.” Mahusay!
Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang	Panuto: Itaas ang kamay kapag ang larawan ay nagpapakita ng tagubilin ng pamilya para sa	Sabihin: Balikan natin ang kuwento ni Carlo.	Itanong: 1. Bakit mahalagang tandaan ang mga tagubilin ng pamilya	Panuto: Makinig ng mabuti sa mga sitwasyon na aking babasahin. Ipakita sa

Pag-unawa/ Susing Ideya .	wastong pakikihalubilo sa kapuwa.   	Pumili ng isang pakikihalubilo sa kapuwa na isinagawa ni Carlo sa kuwento. Tumawag ng mga mag-aaral na nais magbahagi ng kanilang sagot. Itanong: Nararamdaman mo ba na ikaw ay ligtas kasama ang kapuwa? Ano ang mga halimbawa ng tagubilin na ginagawa mo na nagdudulot ng mabuting epekto sa pansariling kaligtasan? Sabihin: Mahalagang gawin ang tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa dahil ito ay nagdudulot ng mabuting epekto sa pansariling kaligtasan.	sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa? 2. Bakit mahalagang isakilos ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa? Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sagot. Sabihin: Mahalaga na ating tandaan at isakilos ang mga tagubilin ng ating pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa dahil ito ay nagdudulot ng magandang relasyon sa ating kapuwa. Nagdudulot din ito ng mabuting epekto sa ating pansariling kaligtasan. Bukod dito, pinalalakas nito ang ating tiwala sa sarili dahil alam natin na tama ang ating desisyon at kilos.	kapareha ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili at sa kapuwa. Gawin ito nang may tiwala sa sarili sa pamamamagitan ng aktibong pagsagot at pagbabahagi. 1. Maysakit ang iyong kaklase. Ano ang gagawin mo? 2. Nakalimutan ng kaklase mo ang kaniyang baon. Ano ang gagawin mo? 3. Nasaktan ang iyong kaklase sa sinabi ng isang batang lalaki mula sa kabilang baitang. Ano ang gagawin mo? Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot sa klase.

	 Pagkatapos sumagot ng mga mag-aaral ay sabihin: Mahalagang matukoy ang mga tagubilin ng pamilya para sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa. Ang mga ito ay gumagabay sa atin sa tamang mga aksiyon at nagpapapatibay ng tiwala sa sarili.			
Pagkatapos Ituro ang Aralin				
Paglalapat at Paglalahat	Panuto: Ipakilala ang iyong sarili gamit na gabay ang mga pangungusap. Gawin ito ng pasalita. Ako ay si _____. Ang isang tagubilin ng aking pamilya ay _____. Tumawag ng mga mag-aaral na gagawa ng gawain na ito. Sabihin:	Panuto: Punan ang mga patlang upang mabuo ang mga pangugusap. Gawin ito nang may tiwala sa sarili sa pamamamagitan ng aktibong pagsagot at tiyak na pakikibahagi. (Gawin ito nang pasalita.) Ako ay si _____. Ang tagubilin na nagdudulot ng mabuting epekto sa aking kaligtasan ay _____.	Panuto: Punan ang mga patlang upang mabuo ang mga pangugusap. Gawin ito nang may tiwala sa sarili sa pamamamagitan ng aktibong pagsagot at tiyak na pakikibahagi. (Gawin ito nang pasalita.) Ako ay si _____. Naisasakilos ko ang tagubilin ng aking pamilya, tulad ng _____.	Panuto: Punan ang mga patlang upang mabuo ang mga pangugusap. Gawin ito nang may tiwala sa sarili sa pamamamagitan ng aktibong pagsagot at tiyak na pakikibahagi. (Gawin ito nang pasalita.) Ako si _____ Naipakikita ko ang tiwala sa aking sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili

	Mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo at natutukoy ninyo ang mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa. Palakpakan ang inyong sarili! Tawagin muli ang mga mag-aaral na sumagot at itanong ang sumusunod: 1. Ano ang naramdaman/ damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain? 2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain at napag-usapan? 3. Ano ang isang tagubilin na nagpapalakas ng tiwala mo sa iyong sarili?	Tumawag ng mga mag-aaral na nais sumagot sa klase. Sabihin: Mahusay kayong lahat. Itanong: 1. Ano ang naramdaman/ damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain? 2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain at napag-usapan? 3. Ano ang mabuting epekto sa pansariling kaligtasan ng pagsunod sa mga tagubilin ng pamilya sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa. Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot sa mga tanong. Mahusay! Palaging tandaan ang ilan sa mga halimbawa ng tagubilin ng pamilya: 1. Pagbati ng magalang sa lahat ng tao 2. Pakikinig nang mabuti sa nagsasalita 3. Paghingi ng paumanhin kapag nakasakit ng kapuwa	Tumawag ng mga mag-aaral na nais sumagot. Sabihin: Mahusay kayong lahat. Itanong: 1. Ano ang naramdaman/ damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain? 2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain at napag-usapan? 3. Paano naisasakilos ang mga tagubilim ng inyong pamilya sawastong pakikihalubilo sa kapuwa?	at sa kapuwa bilang bahagi ng tagubilin ng pamilya, tulad ng _____ Itanong: 1. Ano ang naramdaman/ damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain? 2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain at napag-usapan? 3. Paano naipakikita ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawain na nakabubuti sa sarili at sa kapuwa bilang bahagi ng tagubilin ng pamilya?

		4. Pagtulong sa kapuwa ayon sa kakayahan 5. Paggalang sa opinyon ng iba		
Pagtataya ng Natutuhan	Panuto: Kilalanin ang mga larawang tumutukoy sa mga tagubilin ng pamilya para sa wastong pakikihalubilo sa kapuwa. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno. *(Tingnan ang Gawain 2 sa LAS)* a) b)	Panuto: Isulat sa iyong kuwaderno ang letra ng mga larawang nagbibigay ng mabuting epekto ng wastong pakikihalubilo sa kapuwa. *(Tingnan ang Gawain 1 sa LAS)* a) b) 	Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na babasahin ng guro. Iguhit sa iyong kuwaderno ang masayang mukha (😊) kung tama at malungkot na mukha (☹️) kung mali ang pahayag. *(Tingnan ang Gawain 1 sa LAS)* 1. Naisasakilos ko ang pagtulong sa aking kaklase tuwing kami ay maglilinis ng aming silid-paaralan. 2. Naisasakilos ko ang pakikinig ng mabuti sa aking guro. 3. Naisasakilos ko ang pagsasabi ng mga masasamang salita tungkol sa aking kaibigan. 4. Naisasakilos ko ang pagpapasalamat sa mga tumutulong sa akin. 5. Naisasakilos ko ang paggalang sa nakatatanda.	Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na babasahin ng guro. Isulat sa iyong kuwaderno ang tsek (✔) kung tama at ekis (x) kung mali ang pahayag. 1. Naipakikita ko ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng paghingi ng tawad sa kaibigang nasaktan ang damdamin. 2. Naipakikita ko ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagtulong sa iba na walang hinihinging kapalit. 3. Naipakikita ko ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagbibigay galang sa aking sarilii lamang. 4. Naipakikita ko ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pakikinig sa nakatatanda. 5. Naipaklikita ko ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng paggamit ng mabuting salita sa kapuwa.

	c) d)	c)  d) e) 		
Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)				Panuto: Punan ang mga patlang upang makumpleto ang mga pangungusap. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

				Ako ay may tiwala sa aking _____. Mabuting gawain ang aking isinisagawa para sa sarili at _____.
Mga Tala	Mga paalala: 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagiging malinis. 3. Ang mga pagtatasa/ pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.	Mga paalala: 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagiging malinis. 3. Ang mga pagtatasa/ pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.	Mga paalala: 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagiging malinis. 3. Ang mga pagtatasa/ pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.	Mga paalala: 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagiging malinis. 3. Ang mga pagtatasa/ pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.
Repleksiyon	Bilang guro: Natutuhan ko na _____. Nabatid/narealize ko_____. Nadama ko na _____. Nagpasiya ako na ituon _____.	Bilang guro: Natutuhan ko na _____. Nabatid/narealize ko_____. Nadama ko na _____. Nagpasiya ako na ituon _____.	Bilang guro: Natutuhan ko na _____. Nabatid/narealize ko_____. Nadama ko na _____. Nagpasiya ako na ituon _____.	Bilang guro: Natutuhan ko na _____. Nabatid/narealize ko_____. Nadama ko na _____. Nagpasiya ako na ituon _____.

Inihanda ni:

_____
Guro

Nirebyu ni:

_____
Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_____
School Head